

Pagtutulong sa inyong anak sa pag-aaral ng pagbaybay
Para sa mga magulang at tagapag-alaga ng mga batang nasa Kindergarten hanggang Year 3

Mga nilalaman:

- Sa pagsisimulang pag-eskwela ng inyong anak
- Habang ang inyong anak ay nasa Year 1
- Gamitin ng mahusay ang mga itatapong sulat
- Pagkakaroon ng kumpiyansa sa Years 2 and 3
- Mga paraan para sa mga mahihirap na salita
- Mga salita sa paglalakbay
- Mga salita sa internet
- Mga kamali sa pagbaybay
- Dagdag na tulong sa mga magulang

Mahalaga ang pagbabaybay

Matulungan ninyo ang inyong anak na magkakaroon ng kumpiyansa at kakayahan sa mga letra, salita at pagbabaybay sa pamamagitan ng mga simpleng gawain at laruan sa bahay. Halimbawa, habang nagluluto ng hapunan, sabihing, *“Tingnan ang mga bagay sa kusina na ang simula ay magkatunog sa inyong pangalan.”*

Tip: Sarhan ang TV. Lalong makakapag-isip nang lubusan ang inyong anak kung walang nang-aabala.

Sa pagsisimulang mag-eskwela ang inyong anak

Susubukan ng inyong anak na magbuo ng mga letra at malalaman niya na ang mga ito ay may dalang mensahe. Magpakasaya kayo ng inyong anak mula sa kanyang murang edad sa pamamagitan ng paglalaro sa mga letra at salita. Sa simula ang ilang minutong regular na pag-aaral ay gawaing mahusay para sa bata.

- Palagiang bumasa ng malakas para sa inyong anak, sa inyong unang wika man o sa Ingles. Bumabasa ng mga aklat ng alpabeto, kuwento at kahit na ang mga karta ng pasko o kapanganakan.
- Basahin nang paulit-ulit ang mga nagriritmong salita sa paalagahan ng mga bata (nursery rhymes). Kasama ang inyong anak na magbigkas sa mga ito.
- Habang nagbabasang kasama ng inyong anak, ituro ang mga salitang madaling ilarawan, katulad ng pusa o sumbrero.
- Tulungan ang mga batang matandaan ang kanilang pangalan. Simulan sa unang letra lamang. Ituro itong letra kung nakikita sa ibang salita, isulat at tulungan ng inyong anak sa pagtalunton (trace) nito sa pamamagitan ng kanyang daliri habang binibigkas ang letra.
- Tulungan ang inyong anak sa pagsulat ng mga letra sa kanilang pangalan. Purihin siya ng lubusan – dahil isang malaking hakbang ang paghawak sa krayola o lapis sa pamamagitan ng kanilang mga maliliit na daliri!
- Gumamit ng isang malaking titik para sa unang letra at maliliit na titik para sa mga iba. Halimbawa, isulat ang *Shaun na ganito* at hindi ganitong *SHAUN*.

- I-display ang mga drawing at sinulat ng inyong anak. Ito ay nagsasabi sa kanya ng ng 'Ipinagmamalaki ka'.
- Sa pamamagitan ng inyong daliri, isulat ang isang malaking titik sa likuran ng inyong anak at tanungin siya kung anong letra ito at sabihing bigkasin niya ito. Gawin din niya ito sa inyong likuran.
- Habang nagbabasa, pag-usapan ang tungkol sa binabasa. Halimbawa, itanong: *"Ano ang pinakamahabang salita sa pahinang ito? o Paano naiiba ang pusa sa paniki?"*

Habang patungo sa Year 1 ang inyong anak

Nadaragdagan ang kaalaman ng inyong anak sa pagbabaybay at magsimulang maiintindihan ang ugnayan ng mga tunog at letra. Siya ay sumusulat na ng mga napapakinggang tunog ng mga salita katulad ng *wt* para sa *went* at *ktn* para sa *kitten*. Maaari ninyo silang tulungan sa pamamagitan ng ganitong mga paraan:

- Gumamit ng mga letra ng alpabeto na may magnet sa rephigeretor o *"magnetic board"*. Samahan mo siyang magbuo ng mga salita.
- Maglagay ng isang *"message board"* sa bahay at mag-iwan ng mga mensahe para sa lahat.
- Hikayatin ang inyong anak na sumulat din ng mensahe para sa iyo.
- Gumawa ng listahan ng mga bibilhin sa harap ng inyong anak at pag-usapan ang ginagawa ninyong ito.
- Kasama ng inyong anak, maghanap ng mga letra. Hanapin ang mga letra ng kanilang pangalan sa bahay, sa halamanan at habang kayo ay naglalakad o naglalakbay.

A	✓✓	(ambulansiya, langgam)
m	✓	(Marcus Street)
i	✓✓	(crossing, paskil ng sorbetes)
n	✓	(numero ng sasakyan)

- Pag-usapan ang mga marka sa daan na nakikita ninyo.

Gamitin ang mga "junk mail"

Pagawa sa bata:

- bilugan ang mga salita na may letrang tutukuyin, katulad ng 'm' o tunog katulad ng 'sh'
- bilangin kung ilang ulit na makikita ang isang salita, katulad ng 'the'. Ito ay tutulong sa kanilang pagtandaan ng mga salitang madalas na ginagamit.
- Lagyan ng guhit sa ibaba ang lahat na salitang dalawa o tatlo lamang ang letra, at iba pang bilang.

Pagkakaroon ng kompiyansa

Sa pagsulong ng pag-aaral ang inyong anak, sila ay makakapagpareha ng mga titik sa mga tunog nang mahusay-husay at magkaroon ng mga maraming salitang kaya nang baybayin. Subakan ang mga paraang ito upang makatulong sa kanilang pag-aaral:

- Hilinging magsulat kung naglalaro sila ng mga katulad ng eskwe-eskwelahan o tinda-tindahan.
- Hikayating subukan nilang baybayin ang mga maiigsing salita.
- Mag-aral ng isang natatanging interes o '*hobby*' upang mapalawak ang kanilang bokabularyo: mga hayop, isports, kwentong pang-agham. Tulungan silang ilista ang kanilang mga paboritong salita. Basahin ang mga ito ng regular.
- Magsulat araw-araw para sa ibat-ibang dahilan (pag-bili ng pananghalian, mga mensahe, mga listahan, talaarawan)
- Magbasa ng mga peryodiko, magasin, komiks at aklat – lahat nito ay nakakatulong sa pagkakaroon ng malawak na bokabularyo at kakayahan.
- Maglaro ng *Anong salita ako?* Mag-isip ng isang salita katulad ng *bakasyon* at isulat ang isang titik sa tamang lugar sa message board (halimbawa: _ _ k _ _ _ _). Hulaan ng inyong anak kung anong salita ito. Maaari ninyong dagdagan ng titik bawat maling sagot hanggang magiging tama ang sagot.
- Maglaro ng *Titik sa Salita*. Magtanong sa inyong anak ng mga ganito: *Anong salita ang karitmo ng bangka?* Sagot: *nangka, bansa, mantsa* o *Anong salita ang kabaliktaran ng mahaba?* Sagot: *maigsi*.
- Tingnan kung ilang salita ang magagawa mula sa mga letra ng isang salita. (halimbawa: mula sa salitang '*together*' ay magkakaroon ng *he, get, greet, there, otter, other*)
- Maglaro ng Dalawampung Tanong (*Twenty questions*). Mag-isip ng isang salita na pag-aralang baybayin ng inyong anak. Ang inyong anak ay maaaring magkaroon ng dalawampung tanong upang mahulaan ang salitang gusto ninyong tukuyin. Halimbawa: *Ito ba ay nagsisimula ng 't'? Maaari ba itong kainin? Ito ba ay may tatlong pantig?*
- Sabihin sa anak ninyo na padalhan kayo ng email o sulatan kayo bilang sagot sa naunang sulat mo.
- Gumawa ng mga karta para sa isang kasayahan o pagtitipon. Nasisiyahan ang mga batang sumulat para sa isang adhikain. Kumuha ng isang makulay na kahon at ilagay dito ang mga kagamitan sa pagsusulat: mga makukulay na papel, makulay na lapis, pentel pen (textas), krayola, mga kumu-kuritap na idinidikit, pandikit, mga *stickers* at iba pa.
- Sabihin sa inyong anak na gumawa ng mga tao-tauhang nakakatawa mula sa mga marka ng kanyang daliri (thumb prints) at sumulat ng kanilang pag-uusap sa loob ng mga salitang lobo (speech bubbles).

Mga paraan para sa pagbabaybay ng mga mahihirap na salita

Sa katagalan ang mga bata ay magkakaroon ng mga maraming salita na kaya nilang baybayin at magsubok ng marami pang iba sa pamamagitan ng pagbigkas ng mga ito. Makakatulong kayo sa pagkakaroon ng kompyansa ng inyong anak sa pamamagitan ng mga paraang ito:

- Hatiin sa salabika/pantig ang mga salita. Magpalakpak pagbigkas ng bawat pantig, halimbawa: birthday (*birth/day* = dalawang palakpak; holidays (*hol/i/days* = tatlong palakpak).
- Tingnan ang mga maliliit na salita sa loob ng malalaking salita (hal. “*cat = at, soldier = so, sold, old, die*”).
- Kung gumamit ang inyong anak ng isang bagong salita, kaysa sabihin kung saan sila nagkamali, isulat ninyo ang tamang pagkabaybay ng salita para maihambing at mapag-aralan niya ito at saka tanungin kung saan siya tama at nagkamali.

Mga salita habang nagbibiyahe

- Maglaro ng “I Spy” sa kotse, bus o tren.
- Gumagawa ng mga maliliit na pangungusap mula sa mga letra ng plaka ng mga kotseng inyong nakikita. Halimbawa: “*BEO = Bob eats oranges; CPP = cuddly puppies play*”.
- Maglaro ng paggamit ng mga salitang nagkakabit. Bumigkas ng isang salita at ituloy ng susunod na tao sa salitang nagsisimula ng hulihang letra ng nauna. Halimbawa: *beach, chips, seagulls, sea*.

Mga salita sa internet

Marami ang mga “websites” na may mga larong may pagbabaybay para sa mga bata. Maaari ninyo itong subukan ng maikling panahon lamang o maghanap pa ng mga kauring laro.

- Ang ozspell.com ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong makapamilya ng nababagay na baytang sa klase at pumili ng isang listahan. Papakinggan ng inyong anak ang isang salita, makikita niya kung ilang letra ito, kopyahin ang salita at saka suriin ito kung tama. Kung kinakailangan maaaring magtanong ng mga pahiwatig (hints).
- Ang amblesideprimary.com/ambleweb/lookcover/lookcover.html ay may isang larong interactive na gumagamit ng mga pamaraan sa pagbaybay, ang “*Look, Cover, Write, Check*”. Ipakita sa inyong anak ng isang salita, tatakpan ito at sabihin sa anak na isulat ang salitang ito mula sa pagkamemorya niya. Pagkatapos, suriin ninyong dalawa itong nagawa niya.
- Ang funbrain.com/spell/index.html Ang Spell Check ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong itama ang listahan. I-klik ang maling salita at saka baybayin ito ng tama.

- Ang [eduplace.com/kids/hmsv/smg/](https://www.eduplace.com/kids/hmsv/smg/) ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong pumili ng baytong sa pag-aaral at hihilingin sa iyo na i-klik sa tamang bahagi ng salita upang maging kumpleto ito.

Dagdag na tulong sa mga magulang

Paano kung nahihirapan ng aking anak sa pagbabaybay?

- Makipag-usap sa guro na siyang magpapaliwanag kung paano umuunlad ang pag-aaral ng inyong anak sa pagbabaybay at pag-usapan ninyo ang mga paraan upang matulungan ang inyong anak. Habang nag-aaral ang inyong anak sa pagsulat subukang huwag masyadong istrikto sa pagbaybay. Kung minsan, ito ay magresulta ng pagkabawas ng kanilang kasayahan at mawalan sila ng gana sa pagsusulat.
- Maging mahinahon at di-pabigla-bigla – kung ang anak ninyo ay nahahatang kayo ay nagmamadali o nawawalan ng gana, lalaki ang kanilang pag-aalala at ang kanilang kompiyansa ay bababa.
- Hikayatin silang subukang magsulat. Ang pasusubok ay nakakatulong sa pagkakaroon ng kompiyansa.

Paano kung ang aking anak ay nagsasalita ng ibang wika?

Ang inyong anak ay mangangailangan ng panahon na makilala niya ang lahat ng mga tunog ng wikang Ingles upang maisulat nila ng tama ang mga ito. Maaaring ito ay mangyayari sa loob ng dalawang taon, kaya tulungan ninyo silang makapagbaybay sa pamamagitan ng pagkilala nila ng mga salita sa pamamagitan ng kanilang hubog habang ipinagpapatuloy nilang pag-aralan ang tunog at letra ng mga salita sa Ingles.

May mga bata ang makapagbaybay, makapagbasa at magkapagsulat sa kanilang unang wika. Ang mga kasanayan sa unang wika ay dapat mahalín. Gamitin ninyo ito upang masuportahan ang inyong anak sa pag-aaral nito ng ikalawang wika. Ang mga batang marunong na sumulat at bumasa sa kanilang unang wika ay karaniwang lalong madali silang turuan sa pagbasa at pagsulat ng Ingles kaysa ang mga bago pa lamang mag-aral ng tungkol sa pagbasa, pagsulat at pagbaybay.

Paano kung ang aking anak ay may kapansanan?

Ang mga batang may kapansanan ay nakakapag-aral sa naiibang paraan at bilis, ngunit gusto nila at nabibigyan sila ng benepisyo mula sa mga taong malapit sa kanila. Gamitin ang anumang nalalaman ng inyong anak at gamitin itong librito upang masuportahan ninyo ang pag-aaral ng inyong anak. Magtulungan sa guro ng bata upang malaman ang tungkol sa mga pangangailangan niya sa pag-aaral.